ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVII Blg. 1
Enero 7, 2026
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Hadlangan ang pag-arangkada ng gera at pasismo ng imperyalismong US

Kasisimula pa lamang ng taon, umarangkada na ang makinaryang panggera ng imperyalismong US, sa pangunguna ng hibang na pasistang si Donald Trump, presidente ng US. Noong Enero 3, sabayang binomba nito ang Caracas, sentrong lungsod ng Venezuela, at ibang karatig na rehiyon, at isinagawa ang operasyong militar para dukutin si President Nicolas Maduro at asawa niyang si Cilia Flores para pwersahang dalhin sila sa US.

Kung anu-anong ang hinabi ni Trump na paratang kontra kay Maduro, katulad ng inimbentong "drug cartel" na kanya daw pinamumunuan, para bigyang matwid ang tahasang iligal na operasyon. Ngunit alam ng buong mundo ang totoong dahilan: ang langis ng Venezuela na pinaglalawayan at inaangkin ni Trump na "kanila." Umamin din si Trump, nang ideklarang "patatakbuhin namin ang Venezuela at kokontrolin ang kanyang langis."

Lantarang armadong agresyon para sa pandarambong ang pagsalakay ng imperyalistang maton sa bansang nagtatanggol ng kanyang kalayaan. Matapos dukutin si President Maduro, binabantaan naman ngayon ni Trump ang humaliling si Delcy Rodriguez, upang pwersahing sumunod sa kanyang dikta. Nagkakaisa ngayon ang mamamayan ng Venezuela sa pagtindig at paglaban. Sa lansangan, nagkakaisang sigaw nila, "Ibalik sa amin si Maduro!"

Malawakan ding binatikos ng maraming bansa ang pananalakay ng US dahil sa paglabag nito sa mga internasyunal na batas at panuntunan ng United Nations. Nagpahayag ng "pagkabahala" maging ang mga kapwa at alyadong imperyalista ng US, bagaman pinipili nilang tumabi lamang. Mayroon namang mga grupong maka-US na "nag-aalala" sa agresyon ng US, subalit tahimik na pumapalakpak rin sa pagdukot ng US sa anti-imperyalistang si Maduro.

Ang agresyong militar ng US sa Venezuela ay hindi una, at tiyak na hindi huling pangyuyurak nito sa mga malayang bansa sa iba't ibang panig ng mundo. Mula nagtapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang US ay nanakop, nanlusob, nanghimasok, pumatay sa mga lider, nagkudeta, nagluklok at sumuporta sa mga maka-US na pasistang diktadura sa hindi bababa sa 30 bansa, kalakhan sa Latin America, pati na sa Asia kabilang ang Middle East. Binabantaan din ngayon ng US ang Iran, na katulad ng Venezuela, ay mayaman sa langis, at



piniling isabansa ito. Pinagbabantaan din ng pasistang hibang ang Mexico, Canada, at Greenland.

Sa ilalim ng bagong pinirmahang National Security Strategy (NSS) ni Trump, idineklara nito ang balak na gawing "pinakamakapangyarihan at pinakanakamamatay" ang pwersang militar ng US. Idineklara ni Trump ang planong pagbakod sa Latin America, na itinuturing nilang "aming bakuran." Isa itong banta laban sa Cuba, Colombia, Brazil at iba pang bansang nagtataguyod ng kanilang karapatan sa sariling pagpapasya.

Ang tahasang pagsalakay ng US sa Venezuela ay bagong antas ng pagsahol ng pasistang terorismo ng US, sa harap ng tumitinding imperyalistang kontradiksyon. Ipinakita ng pasistang si Trump na walang batas na sasagka sa kanyang kahibangan. Labis na nangangamba ang mga karibal at alyado ng US na gamitin ang langis ng Venezuela bilang sandatang pampulitika at pang-ekonomya laban sa kanila sa anyo ng pag-impluwensya sa pandaigdigang suplay at presyo.

Sa pangunguna ng US, palaki nang palaki ngayon ang inilalaang pondo sa gastusing militar. Pumasok na sa bagong antas ng militarisasyon ang imperyalistang Japan sa pagbuhos nito ng wala pang kapantay na laki ng pondo sa produksyong militar. Papalaki rin ang gastusing militar ng mga imperyalistang bansa sa Europe. Kaanib man ng US sa NATO, ang France at Germany ay tumututol sa itinutulak ng US na kasunduan sa Ukraine, dahil labis ang ibinibigay nitong kontrol sa US sa rekurso ng bansa, sa disbentahe ng mga imperyalista sa Europe.

Tanda ng lumalalim na krisis ng imperyalismo ang tumitinding pagaagawan ng pinakamalaking kapangyarihan para sa mapagkukunan ng murang hilaw na materyales, at mapaglalagakan ng sobrang kapital sa anyo ng pagpapautang at pamumuhunan. Agawan sa teritoryo ang dahilan ng sumisiklab na mga digmaan sa iba't ibang panig ng mundo, mula sa gerang proksi ng US sa Ukraine laban sa Russia, pagdurog ng US at Zionistang Israel sa Gaza, pagsaklot ng mga imperyalista sa Syria, pambobomba ng US sa Yemen at Somalia, at pakikipaggirian ng US sa China sa South China Sea.

Sa kontekstong ito, lubos na mauunawaan ang papalaking presensya ng mga pwersang militar ng US sa Pilipinas, ang pagdami ng mga base militar nito sa iba't ibang panig ng bansa, ang paglalagak ng malalakas na sandata, ang permanenteng paglalayag ng mga pwersang nabal nito sa karagatan ng bansa, ang walang tigil na mga ehersisyong militar at pang-uupat ng sigalot sa Taiwan. Itinayo ng US ang Task Force Philippines upang pahigpitin ang kontrol nito sa Armed Forces of the Philippines at tibayan ang pangunahing haligi ng paghahari nito sa Pilipinas. Sa susunod na limang taon, plano ng US na magbuhos ng $2.5 bilyong ayudang militar hanggang sa 2030.

Lahat nang ito'y walang kinalaman sa "pananaig ng batas" o "kalayaan sa paglalayag" sa karagatan. Matapos ng ipinakita ng US sa Venezuela na pag-apak sa mga pandaigdigang panuntunan, mga hangal at bulag na papet ng US na lamang (ang AFP, si Marcos, at mga grupong tulad ng Akbayan) ang pumapalakpak sa pagpupulis-pulisan ng US sa South China Sea.

Lalong walang kinalaman ang presensya ng US sa ipinamamaraling pagtatanggol ng kalayaan ng Pilipinas. Taliwas dito, ang paparaming mga sundalong Amerikano at iba pang dala nitong dayuhang tropa sa Pilipinas ang pinakamalaking pagyurak sa kasarinlan ng bansa. Hindi lamang ginagamit ng US ang bansa para sa kanyang imperyalistang interes, kinakaladkad din nito ang Pilipinas sa gerang taliwas sa kapakanan ng bayan. Pinalalakas nito ang AFP para magsilbi nitong katuwang sa pagsiil sa sambayanang lumalaban.

Sa harap ng tumitinding imperyalistang sigalot, agresyong militar, pasismo at pang-uupat ng gera ng imperyalismong US, dapat pag-ibayuhin ng sambayanang Pilipino ang kanilang pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Kasabay nito, dapat makiisa sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan sa buong daigdig para sagkaan ang arangkada ng gera at pasismo sa buong mundo. AB

ANG Bayan

Tomo LVII Blg. 1 | Enero 7, 2026

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Hadlangan ang pag-arangkada ng gera at pasismo ng imperyalismong US 1
Mga Venezuelan, ipinagtanggol si Maduro 3
Mga pagdiriwang sa ika-57 anibersaryo ng PKP 4
PKP@57, ipinagdiwang sa Mindoro 5
Militarisasyon sa isla ng Mindoro, umigting 6
Sa madaling salita 7
Mga hamon sa sektor ng agham at teknolohiya 8
Bagong dugo ng rebolusyonaryo sa EV 9
Operasyong haras ng BHB sa South Cotabato 9
Asembliya ng CNL-Compatriots, inilunsad 10
Mga Pilipinong migrante, tagumpay 10
Protestang bayan 10
Terorismong militar bago nagtapos ang 2025 11
Pagbisita sa mga bilanggong pulitikal 11
Hatol sa Talaingod 13, hinamon 11
Paghahanda sa gera ng Japan 12

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph cpp_angbayan

Mamamayang Venezuelan, ipinagtanggol si Maduro at kanilang soberanya

Noon mismong Enero 3, araw ng armadong paglusob ng pwersang militar ng US sa Venezuela, at pagdukot sa presidente nito na si Nicolas Maduro, at sa kanyang asawa na si Cilia Flores, humugos sa lansangan ang naghihimagsik na mamamayang Venezuelan. Binatikos nila ang atake sa kanilang soberanya at iginiit ang agad na pagbabalik ng kanilang presidente at unang ginang.

"Ang layunin ng atakeng ito ay walang iba kundi agawin ang estratehikong mga rekurso ng Venezuela, partikular ang langis at mga mineral, sa tangkang wasakin ang independensya sa pulitika ng bansa. Hindi sila magtatagumpay," ayon sa gubyernong Venezuelan sa unang upisyal na pahayag nito matapos ang agresyon. Mariin nitong itinakwil at kinundena ang agresyong militar na tumarget sa teritoryo at iba't ibang sibilyan at militar na pasilidad sa bansa. Mahigit 80 Venezuelan ang naiulat na napatay sa pang-aatake.

Ilang oras matapos ang pagdukot, buong pagmamayabang na idineklara ni Donald Trump na ang US na ang "magpapatakbo" ng Venezuela, kabilang ang malalawak na rekurso nito sa langis. Ang pagtatanggal kay Maduro ay buong sinuportahan ng hayok sa langis at rekursong mga bansa sa European Union, gayundin ng Japan, Australia at ibang mga tutang estado ng US. Agad silang nanawagan ng "mapayapang transisyon" para iluklok ang isang papet na estado na magbubukas sa Venezuela sa pandarambong ng malalaking kumpanya sa langis. Sinuportahan din ito ng mga sosyal demokratang grupong nagkukunwaring kontra sa agresyon pero nakikoro sa pagbibigay-katwiran sa pagdukot kay Maduro.

Binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas ang agresyong militar ng imperyalismong US sa Venezuela. Tinawag nitong "hibang na pasista" si Trump sa pag-utos ng paglusob sa Venezuela. Anang Partido, tiyak na sisilaban nito ang patriyotikong galit ng mamamayan ng Venezuela.

Di pagagaping paninindigan

"¡Maduro, aguanta, que el pueblo se levanta!" (Maduro, kapit lang, umaaklas ang mamamayan!) ang sigaw ng mga Venezuelan sa lansangan. Daan-daang libo ang bumubos sa Caracas at ibang bahagi ng bansa para ipahayag ang kanilang suporta at iparating ang kanilang pagmamahal kay Maduro at kay Flores, ang tinaguriang "unang kombatant" ng bansa. Nagsunog sila ng mga bandila ng US.

"Nawa'y maintindihan ng mga ekstremista na ang mga bombang hiningi nila (sa US) ay pumatay at papatay sa lahat ng mga Venezuelan, Chavista man o hindi," pahayag ng isang raliyista. Ang mga "ekstremista" na tinukoy niya ay ang mga partidong pinondohan ng US na pinamumunuan ng tau-tauhan nitong si Maria Machado. Matagal nang hiniling ni Machado na salakayin ng US ang Venezuela para pabagsakin ang gubyernong Maduro at iluklok siya at kanyang mga kasapakat sa estado. Magkagayunpaman, hindi siya ipinwesto ni Trump. Labis na kinamumuhian si Machado ng kanyang mga kababayan.

Noong Enero 4, nanumpa bilang pansamantalang presidente si Delcy Rodriguez, bise presidente ng Venezuela, alinsunod sa konstitusyon ng bansa. Pinakilos din ng sandatahang lakas ang malawak na milisyang itinayo nito para sa depensa ng inang bayan.

Internasyunal na suporta

Mabilis at mariin ang pagkundena sa agresyon ng US at pagdukot kina Maduro at Flores sa Latin America, Africa at iba pang mga bansa. Agad na tumindig para kay Maduro at sa Venezuela ang Cuba, Nicaragua at Colombia. Nagpahayag naman ng mariing pagtutol ang Brazil, Uruguay at Mexico sa ginawang pananalakay. Itinuturing nila ang agresyon bilang atake hindi lamang sa Venezuela kundi sa buong Latin America at mga bansang lumalaban sa imperyalistang hegemonya ng US. Sa mga bansang ito, humugos ang mga mamamayan sa lansangan para suportahan ang mga Venezuelan.

Nagkaroon ng kasabay na mga rali sa harap ng mga embahada ng US sa Germany, Spain, Belgium, France, Greece at Turkey. Sa loob ng US, tinuligsa ng mga Amerikano ang agresyon ng sarili nilang gubyerno sa mga pagkilos sa labas ng White House, sa New York (kung saan dinala si Maduro) at ilan pang syudad.

Sa Pilipinas, nagmartsa patungo sa embahada ng US sa Maynila ang mga progresibong grupo sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan at Philippine-Bolivarian Venezuela Friendship Association noong Enero 5. Kinundena nila ang agresyon ng US at nagbigay sila ng suporta sa mamamayang Venezuelan at kanilang gubyerno. AB

Mga pagdiriwang sa ika-57 anibersaryo ng PKP, sampal sa mukha ng rehimeng US-Marcos

Patunay ang mga pagdiriwang sa bansa at ibayong-dagat sa ika-57 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ng patuloy na pagpupunyagi ng buong rebolusyonaryong kilusan. Malaking sampal sa mukha ng rehimeng US-Marcos na sa iba't ibang lugar ay iwinagayway ang Pulang bandila na may ginintuang maso't karit para bigyang pugay ang halos anim na dekadang pamumuno ng Partido sa demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas.

Ang mga pagdiriwang ay inilunsad ng mga sangay at komite ng Partido, mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga balangay at alyadong organisasyon ng National Democratic Front (NDF). Samantala, nagpaabot rin ng pagbati sa PKP ang mga partido at organisasyon mula sa ibang bansa.

Sa mga pagtitipon, naging tampok ang pagtalakay sa mensahe ng Komite Sentral ng Partido para sa anibersaryo. Pinarangalan rin sa mga aktibidad na ito ang mga martir ng sambayananan sa nagdaang mga dekada.

Sa mga larangang gerilya, nagtanghal ng sandata ang mga Pulang mandirigma ng BHB para magpugay sa Partido, kahit pa patuloy ang operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Iniulat ang mga pagdiriwang ng BHB sa Cagayan Valley, Southern Tagalog, Negros Island, Eastern Visayas, at North Central Mindanao. Magpapatuloy sa susunod na mga araw ang mga aktibidad ng iba't iba pang yunit.

Sa Southern Tagalog, nailunsad ng BHB sa mga larangang gerilya sa Batangas, Quezon at Isla ng Mindoro ang mga serye ng pagtitipon. Magkahiwalay na pagdiriwang ang inilunsad sa mga isla ng Samar at Leyte, sa Eastern Visayas. Sa North Central Mindanao, ginamit na pagkakataon ang pagdidirwang para konsolidahin ang mga Pulang mandirigma at makapaglunsad ng programang pangkultura. Maghahatinggabi na nang matapos ang aktibidad.

Ayon sa mga ulat, kitang-kita sa mga Pulang mandirigma ang naging positibong epekto ng pag-aaral sa pahayag ng Komite Sentral. Nakatulong umano ito para iwaksi ang mga bagahe na nagpapabigat at nagpapabagal sa makabuluhang pag-usad ng kani-kanyang mga gawain. Sa mga okasyong ito, mahigpit na ipinatupad ng BHB ang tigil-putukang iniatas ng Komite Sentral sa itinakdang mga araw.

Sa mga sentrong urban at lungsod, naglunsad ng mga martsa, lihim na pagtitipon, operasyon pinta at operasyon dikit (OP-OD) at iba pang aktibidad ang mga balangay at alyado ng NDF. Nagsimula ang mga ito noong ikatlong linggo ng Disyembre 2025 at nagpatuloy hanggang nitong Enero.

Sa Metro Manila, magkasunod na martsa ang inilunsad sa Maynila at Pasay City noong Disyembre 21 at 22, 2025. Kabilang sa mga grupong lumahok sa protesta ang Kabataang Makabayan (KM), Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas), Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka), Revolutionary Council of Trade Unions, Makabayang Kawaning Pilipino at Compatriots.



Sa Central Luzon, naisagawa ang pagtitipon noong Disyembre 26, 2025 sa isang hindi tinukoy na lokasyon. Sa Rizal, inilunsad ng NDF ang pagtitipon noong Disyembre 30, 2025 na sinundan ng pagsasabit ng dalawang higanteng balatengga noong Enero 2 sa Antipolo City.

Sa pangunguna ng Compatriots Philippines, mahigit 100 katao ang dumalo sa isang programang pangkultura sa isang lokasyon sa Southern Tagalog. Dumalo rito ang mga myembro ng grupo mula sa Rizal, Bulacan, at Metro Manila, at mga kapamilya ng mga martir ng sambayanan. Ilang araw bago nito, nagsabit ng mga balatengga ang grupo sa kahabaan ng Commonwealth Avenue sa Quezon City.

Sa Australia, naglunsad ng pagtitipon at operasyon-dikit ang Compatriots-NDFP-Australia at Compatriots-KM-Narmm. Mahigit 300 naman ang lumahok sa *online broadcast* ng NDF International Office para basahin ang pahayag ng Komite Sentral.

"Ang pagpupunyagi at dedikasyon [ng Partido] na gampanan ang makasaysayang tungkulin sa pagsusulong ng adhikain ng bayan ay nagbigay inspirasyon at patuloy na nakapagbibigay inspirasyon sa masa na magbangon," ani Ka Elias Dipasupil, pangkalahatang kalihim ng NDF. Dagdag niya, higit na napalalakas ng Partido ang pamumuno nito sa masang Pilipino sa pagpupunyagi sa kasalukuyang kilusang pagwawasto.

Maraming iba pang balangay at alyado ng NDF ang naglabas ng pahayag para sa anibersaryo ng Partido. AB

PKP@57, ipinagdiwang sa Mindoro sa gitna ng maigting na militarisasyon

Matagumpay na ipinagdiwang sa loob ng mga sonang gerilya ng Mindoro ang ika-57 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa gitna ng walang puknat na operasyon ng mga tropa ng 203rd IBde at pulis. Sa pangunguna ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan-Mindoro (Lucio de Guzman Command), nailunsad ang mga pulong anibersaryo sa tema ng pahayag ng Komite Sentral na "Napakainam ng sitwasyon para ibayong isulong ang demokratikong rebolusyong bayan."



Sa buong 2025, nilabanan ng BHB-Mindoro at mamamayang Mindoreño ang maigting na kontra-rebolusyonaryong digma sa isla. Makailang ulit na idineklara ng 203rd IBde at maging ng 2nd ID na dudurugin nito ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro noong 2025.

Nagbalik-tanaw ang mga rebolusyonaryong pwersa sa maningning na kasaysayan ng Partido at ng matagumpay na pamumuno nito sa rebolusyong Pilipino sa loob ng 57 taon. Sa isang pahayag, iniulat ng tagapagsalita ng BHB-Mindoro na si Ka Madaay Gasic na sa diwa ng pagwawasto at gabay ng Partido ay inabot ng yunit at muling nakilusan ang 84% ng mga bayan sa isla at signipikanteng bilang ng mga baryo.

Pulong pagdiriwang

Tinalakay sa isinagawang mga pulong anibersaryo ang pandaigdigan at pambansang sitwasyon, kasaysayan ng Partido, mga kwento ng tagumpay ng rebolusyong agraryo sa Mindoro, at ang mga hamon, panawagan at kagyat na tungkulin para sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan.

Binigyang kulay ang mga pulong na ito ng mga pangkulturang pagtatanghal gaya ng awit-galaw ng "Ang Gabay," balagtasan na "Ang Tunay na Hukbo ng Mamamayan," dula na nagpapakita ng araw-araw na pakikibaka ng masa at pagyakap nila sa rebolusyon at ang sabayang pagsasayaw sa kantang "Kun Walay BHB."

Pinarangalan din sa mga programa ang mga martir ng rebolusyong Pilipino kabilang ang mga bagong bayani na nag-alay ng kanilang buhay noong nakaraang taon.

Dumalo sa mga pagdiriwang ang mga masang magsasaka at katutubong Mangyan, mga lokal na aktibistang masa, at mga bumisita mula sa lungsod.

Isang buwang paghahanda

Buong buwan ng Disyembre, ipinagdiwang ng mga rebolusyonaryong pwersa ang anibersaryo ng Partido. Sa mga yunit ng BHB, nagkaroon ng paunang mga aktibidad kagaya ng mga pangkulturang aktibidad at lingguhang kapihan. Noon mismong Disyembre 26, 2025, isinagawa ang pagtatanghal ng bandila ng Partido kasama ang masa.

Bilang pag-angkop sa sitwasyong militar at abalang iskedyul ng produksyon, binuo ng mga yunit ang plano para sa mga daglian at maliitang mga pulong anibersaryo na inilulunsad kailanman at saanman libre ang taumbaryo. May isang yunit na naglunsad ng pulong anibersaryo sa nadaanang bahay habang nasa lakaran mula sa isang malaking pagtitipon. Naitayo dito ang lokal na samahang masa.

Nagbigay naman ang isa pang yunit ng BHB ng pagsasanay sa mga residente sa isang militarisadong erya. Tugon ito sa kahilingan nila na magkaroon ng kakayahang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa nag-ooperasyong mga sundalo at mga ahente paniktik na madalas sa erya.

Pagyakap ng masa sa rebolusyonaryong mithiin

Hindi magiging matagumpay ang buong buwang pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido kung wala ang mainit at taus-pusong pagsuporta ng masa sa adhikain ng Partido. Itinaguyod nila ang mga aktibidad mula sa pagluluto ng mga handa, pag-iigib, pagtitiyak ng seguridad, paghahatid at sundo sa mga bumisita sa sonang gerilya at aktwal na paglahok sa programa.

"Hindi matitiyak ang tagumpay ng rebolusyon kung hindi magiging mapangahas sa gawaing masa," pahayag ni Ka Ruffa, kagawad ng isang yunit ng BHB. Masayang pinagsalusaluhan ng taumbaryo at hukbo ang munting handang karneng manok, pansit, ispageti at biko.

"Nagpasya akong palawigin ang pakikimuhay ko sa yunit dahil napukaw ako sa taus-pusong dedikasyon ng Hukbo sa pag-oorganisa at pagpapaunlad sa buhay ng masa," ayon kay Ka Elias, isa sa kabataang bisita. AB

Militarisasyon sa isla ng Mindoro, umigting sa bagong taon

Nagpahayag ng taos pusong pakikiramay ang National Democratic Front (NDF)-Mindoro sa pamilya, mga kaibigan at mahal sa buhay ni Jerlyn Rose Doydora matapos siyang masawi nang atakehin ng sakit dulot ng walang habas na pambobomba ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Isa pang kabataang-mananaliksik, si Chantal Anicoche, ang nawawala nang mapawalay sa kanyang mga kasama sa panahon ng pambobomba. Naganap ang pambobomba sa Sityo Mamara, Barangay Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1.

Si Doydora ay bahagi ng grupo ng kabataan na nagpaabot ng hangarin na makapanayam ang mga katutubo at magsasaka sa Mindoro at ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nais nilang alamin ang kongkretong kalagayan ng masa, ang dahilan ng armadong sigalot at ang tunay na solusyon para makamit ang kapayapaan. Si Doydora ay estudyante ng Pamantasan ng Lunsod ng Maynila. Si Anicoche ay gradweyt ng University of Maryland, Baltimore County sa US.

Nasawi rin sa pambobomba ang tatlong batang Mangyan-Iraya habang nasugatan ang kanilang ina. Napinsala ang kabuhayan ng mga katutubo at magsasaka sa komunidad. Namatay sa bomba ang mga alagang hayop, kabilang ang dalawang baka at tatlong baboy.

Napilitan naman ang 188 pamilya na magbakwit at tumigil sa Cabacao High School dahil sa matinding militarisasyon. Liban dito, may 15 pamilya na pansamantalang nakikituloy sa kanilang mga kalapit na kamag-anak.

Sa kabuuan, 12 bomba ang ibinagsak mula sa apat na *attack helicopter* ng AFP sa atakeng tumagal ng tatlong oras. Pagkatapos ng pambobomba ay walang patumanggang itong nang-istraping sa lugar. Tahasan itong paglabag sa internasyunal na makataong batas na nagbibigay ng pinakamataas na pag-iingat sa buhay at kabuhayan ng mga sibilyan.

Sa gitna ng daan-daang tropang ibinuhos ng AFP, aktibong nakadepensa ang yunit ng BHB na nasa lugar. Dalawang sundalo ang napatay at dalawa rin ang nasugatan sa dalawang magkasunod na engkwentro. Nakamaniobra papalayo ang yunit nang walang dagdag na pinsala.

Matinding militarisasyon

Ayon sa NDF-Mindoro, ang naranasang terorismo ng mga residente at katutubo sa Abra de Ilog noong bagong taon ay isa lamang sa di na mabilang na paglabag sa karapatang-tao ng AFP, PNP at CAFGU sa komunidad sa mga nagdaang taon.

Kasalukuyang nakadeploy sa isla ang nasa 10 at kalahating batalyon ng pinagsamang AFP, PNP at CAFGU. Kabilang dito ang 76th IB, 1st IB, 59th IB, at 5th Scout Ranger Batallion sa ilalim ng 203rd IBde at 2nd ID.

Nagsisilbi ang mga ito na protektor ng mga dayuhan at lokal na burgesyang kumprador na ilang dekada nang nang-aagaw ng lupang ninuno ng mga katutubong Mangyan. Kasabwat naman ng mga kumprador ang lokal na gubyerno at mga ahensya tulad ng National Commission on Indigenous Peoples at Department of Environment and Natural Resources.

Isa sa mga proyekto na planong itayo sa Abra de Ilog ay ang US$25 milyon na *natural gas power plant* ng Rise Capital Group Nash Oil, Gas, and Power Inc., isang kumpanyang Amerikano. Plano din magtayo ng 40 *megawatts* na *wind farm*, na may lawak na 18,711 ektarya sa Barangay Wawa ang kumpanyang Alternergy Holdings Corporation na pinondohan ng Asian Development Bank.

Sa Sityo Malatabako, Barangay San Vicente, pwersahang pinalalayas ng Pieceland Corporation ang mga Mangyan-Iraya sa komunidad. Plano ng kumpanya na tayuan ng *subdivision* ang 36 ektaryang lupang ninuno.

Samantala, sa Barangay Monteclaro, San Jose, ang komunidad ng Mangyan-Buhid sa mahabang panahon ay nakararanas ng pang-aagaw ng lupa. Matatagpuan dito ang operasyong kwari at mina ng Tamaraw Reservation Expansion Project na ipinagtatanggol ng militar.

Ayon sa NDF-Mindoro, sa kabila ng todo-todong terorismo ng estado, matapang na lumalaban ang mga Mindoreño para sa kanilang kagalingan at karapatan. Patunay ang kanilang pakikibaka sa nagpapatuloy nilang pag-aasam ng panlipunang hustisya, kalayaan at demokrasya. AB

Abu Obeida
Hudhaifa Samir al-Kahlout

tagapagsalita ng **Izz al-Din al-Qassam Brigades**, armadong bisig ng partidong Palestinong Hamas, ay napatay sa labanan sa Gaza noong Agosto 2025. Nagsilbi siyang tagapagsalita ng grupo sa nakaraang 20 taon.

Kinumpirma ang kanyang pagkamartir noong Disyembre 29, 2025. Kasabay nito, ipinakilala ang bagong tagapagsalita na nagmana sa kanyang *kuyan* (pangalan sa pakikibaka) na "Abu Obeida."

7.8M views

ang naitala sa iba't ibang bidyong nagtatampok sa mga kasapi at aktibidad ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan na inilabas sa Facebook Page ng Buhay Gerilya Project sa loob lamang ng isang linggo. Isinuspinde ng Facebook ang *page* noong Enero 3.

17 beses lumabas ng bansa si VP Sara Duterte,

kadalasan para pumunta sa The Netherlands kung saan nakakulong ang kanyang ama. Gumastos ang kanyang upisina ng **₱7.47 milyon** para sa mga kasama niya sa mga byaheng ito mula Hulyo 2024.

23

bagyo ang tumama sa Pilipinas sa 2025, 2 ang "supertyphoon" (Nando at Uwan), 2 pa ang nagdulot din ng matinding pinsala (Tino at Opong); mahigit 20 milyon katao ang kaswalti ng mga pagbaha, pagkasira ng kabahayan at kabuhayan.

PRWC, nasa Telegram na!

para sa mga pahayag at *update* ng PKP, BHB at NDFP
https://t.me/prwc_newsroom

para sa mga pahayagat *press release* ng PKP
https://t.me/cppinformationbureau

para sa mga regular at espesyal na isyu ng Ang Bayan
https://t.me/cpp_angbayan

para sa araw-araw na balita
https://t.me/angbayan_ngayon

mula nang minasaker ng 61st IB, 12th IB at PNP ang 9 na lider at myembro ng tribong **Tumandok** sa Tapaz, Capiz at Calinog, Iloilo noong Disyembre 30, 2020; 16 iba pa ang iligal na inaresto sa araw na iyon.

₱1.5 BILYON

halaga ng **San Jose Esplanade–Seawall Project**, isang *flood control project*, sa San Jose de Buenavista, Antique na ipinatigil ng korte dahil sa pinsala nito sa kalikasan.

Del Monte®
Quality
100 taon
na mula nang unang kinamkam ng kumpanyang Del Monte ang lupain ng mga Lumad sa **Bukidnon**; ni isang dakot ng lupa ay wala itong ibinalik hanggang ngayon.

Mga hamon sa sektor ng agham at teknolohiya na atrasado at dominado ng imperyalista

Ipinagbunyi ng mga rebolusyonaryo at progresibong siyentista, inhinyero, teknolohista, mga propesyunal at kabataang estudyante sa sektor ng agham at teknolohiya ang ika-50 anibersaryo ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) noong Disyembre 26, 2025. Sa nakaraang limang dekada, nakamit nito ang iba't ibang tagumpay sa organisasyon, paglahok sa armadong pakikibaka, at paglilinaw sa mga isyu ng agham, teknolohiya at praktikal na silbi ng mga ito sa rebolusyon. Sa kasalukuyan, nagpupunyagi ang LAB sa muling pag-aaral sa kasaysayan ng pakikibaka nito upang patuloy ng pagtibayin ang mga kalakasan at iwasto ang mga pagkukulang sa nakaraang mga taon.

Isa sa mga hakbang ng LAB ang pagbubuo ng pangkalahatang pagsisiyasat tungo sa higit pang pagpapaunlad ng kaalaman sa sektor. Sa okasyon ng anibersaryo nito, naglabas ang LAB ng espesyal na ulat kaugnay sa kalagayan ng agham at teknolohiya sa bansa. Nasa ibaba ang pagbubuod sa mga puntong inilahad sa naturang pagsisiyasat.

Imperyalistang kontrol

Ang mga higanteng imperyalistang korporasyon ang may monopolyo sa kapital, pananaliksik, produksyon at pamamahagi ng syensya at teknolohiya. Kinokontrol ng mga ito ang pandaigdigang komunikasyon, kabilang ang internet at *social media* (Facebook, Youtube, X/Twitter) at higanteng kumpanya tulad ng Meta, Microsoft at Apple na nakabase sa US. Pinagkakakitaan nila ang mga teknolohiyang ito, kasabay na ginagamit sa paniniktik, sarbeylans, at disimpormasyon upang supilin ang pakikibaka ng mamamayan.

Idinidikta ng mga imperyalistang kapangyarihan ang direksyon ng pandaigdigang pananaliksik sa syensya at teknolohiya. Hindi pinapayagan ng mga ito ang pag-unlad ng sektor sa mga malakolonyang bansa dahil magreresulta ito sa kumpetisyon taliwas sa interes at labas sa balangkas ng imperyalismo.

Kalagayan ng syensya at teknolohiya sa Pilipinas

Ang Pilipinas ay nananatiling tagasuplay ng hilaw na materyales at murang lakas-paggawa, at tagaangkat ng yaring produkto at teknolohiya ng mga kumpanyang dayuhan.

Napakababa ng gastusin sa pananaliksik at pagpapaunlad ng agham at teknolohiya: 0.16% lamang ng *gross domestic product* sa panahong 2020–2022. Napakaliit ng badyet ng Department of Science and Technology (₱28.7 bilyon noong 2025).

Ang lokal na industriya ay limitado sa pagkilatis sa produkto at pagbabago ng mga proseso. Walang batayang mga pananaliksik o pagpapaunlad ng mga produkto sa bansa. Pinipigilan ang pagpapaunlad ng mga produkto, bagay na sumusupil sa pagkamalikhain ng lokal na sektor. Pinananatiling tagagamit at tagakumpuni lamang ng inaangkat na teknolohiya ang mga lokal na teknisyan.

Sa agrikultura, mababa ang mekanisasyon. Nakatuon ang pananaliksik para manatiling palaasa sa dayuhang kemikal, abono, binhi, at *genetically-modified* na mga pananim (o mga GMO) upang palakihin ang kita ng malalaking kumpanya.

Mababa ang kalidad ng edukasyong STEM (Science, Technology, Engineering, at Mathematics). Kulang ito ng mga pasilidad, laboratoryo at kwalipikadong guro. Kakaunti ang kumukuha ng kurso sa *natural sciences* dahil sa mababang sweldo at kakulangan ng trabaho dulot ng kawalan ng batayang mga industriya.

Bansot at palaasa sa dayuhan

Tambakan ng lipas na at mapanirang teknolohiya ang Pilipinas—mula Green Revolution hanggang mga plantang nukleyar at *diesel*, at *mega-dams*. Mahina ang imprastrukturang *digital*. Noong 2019, 82% ng kabahayan ang walang internet, mabagal ito na nasa 6.05 Mbps lamang, kumpara sa pandaigdigang abereyds na 11.03 Mbps. Lalo pang lumalala ang *cybercrime*, *scam*, sarbeylans, at mga *data leak* sa ilalim ng mga batas tulad ng SIM Registration Act at Cybercrime Prevention Act.

Sa pamamagitan ng kontrol sa teknolohiya, eksklusibong kontrol sa suplay at pagpepresyo nito, patuloy na nakapagkakamal ng tubo

Sundan sa pahina 9

Bagong salinlahi ng mga rebolusyonaryo sa Eastern Visayas

Sumisibol ang bagong salinlahi ng mga tagapagmana ng rebolusyonaryong kilusan sa Eastern Visayas sa harap ng malalaking hamon sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Tuluy-tuloy ang pagsisikap ng Kabataang Makabayan (KM) sa rehiyon para paramihin ang mga kasapi nito at itayo ang mga balangay saanman maaari. Ilan sa myembro ng KM sa rehiyon sina Ka Terry, Ka Patrick, Ka Roan at Ka Owen.

Si Ka Terry, ay mag-aaral sa isang kolehiyo. Hinaharap nila ang panggigipit ng administrasyon, pangre-*redtag* at paniniktik ng militar. Sa kabila nito, batid niyang malalampasan nila ang mga pagsubok sa pag-oorganisa. "Sa tamang paghahanda, koordinasyon, at pag-iisip, mapangingibabawan namin ang mga hadlang sa pag-oorganisa," aniya.

Bilang mapagmasid na mag-aaral, namulat si Ka Patrick sa kalagayan ng lipunan at lumahok sa mga pakikibakang masa. Nang nirekrut sa KM, napagtanto niya na ang pagsali sa grupo ang sunod na hakbang na dapat niyang gawin. Dahil sa kakulangan sa karanasan, nagkaroon ng kahirapan si Ka Patrick sa pag-oorganisa sa mga kapwa kabataan. "Pero kahit na mahirap nakakaya pa rin naming mag-organisa ng mga pagkilos," ayon sa kanya.

Pasismo ng estado ang nagmulat kay Ka Roan na bagtasin ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Napukaw siya ng nasaksihan niyang pagdakip ng mga ahente ng estado sa ordinaryong mga taong lumalaban. Naging kasapi siya ng KM at nagpasyang ilaan ang buong panahon sa pag-oorganisa. Nagpunyagi sila sa pag-oorganisa sa kabila ng pananaig ng takot sa maraming estudyante.

"Talagang pinanindigan nalang namin ito at hindi talaga namin iniwan ang tungkuling iniatas sa amin," aniya. Naging susi umano sa pagbwelo nila ang pangangalap ng mahuhusay na praktis mula sa ibang lugar at pag-angkop nito sa kanilang karanasan.

Namulat si Ka Owen, sa mga suliranin ng lipunan nang nabalitaan ang pagpaslang ng militar kay Chad Booc, isang boluntir na guro sa mga Lumad sa Mindanao. Sa higit na pagkaunawa sa matinding pasismo ng estado, kamakailan lamang ay nagpahayag siya ng kagustuhang makipamuhay sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Binigyang inspirasyon siya mismo ng kamag-anak na bahagi ng hukbong bayan. "Idol ko ang BHB. Marami na akong nakilala na kabataang bahagi na ngayon ng hukbo at alam ko ang kanilang dahilan. Estado na mismo ang nagtutulak sa mamamayan na mag-armas. Ito lang ang paraan para mabago ang sistema," aniya.

___

Halaw sa Larab, rebolusyonaryong pahayagan sa Eastern Visayas. AB

Mula sa pahina 8

ang mga kumpanyang US. Ipinasok na rin ng US ang teknolohiyang militar nito sa Pilipinas bilang paghahanda sa inter-imperyalistang gera nito sa China. Pinahintulutan na ng papet na rehimeng Marcos ang pagpapatayo ng pabrika ng bala at mga imbakan ng gamit pandigma sa kabila ng panganib na dala ng mga ito sa bansa.

Sa kabuuan, ang atrasadong agrikultura at industriya ang nagbabansot at nagpapanatili sa palaasang sektor ng agham at teknolohiya. Katuwang ng imperyalismo ang reaksyunaryong estado sa pagkontrol nito. Ang tunay na pag-unlad ng agham at teknolohiya ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon at modernisasyon ng agrikultura, na makakamtan sa pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. AB

Operasyong haras ng BHB sa South Cotabato at Negros Oriental

SA KAMAKAILANG ULAT ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), nakapaglunsad ng operasyong haras ang mga yunit nito sa South Cotabato at Negros Oriental noong huling kwarto ng 2025.

Pinaputukan ng BHB-South Cotabato ang tropa ng 105th IB sa Sityo Kangko, Barangay Lamlahak, Lake Sebu, South Cotabato noong Disyembre 11, 2025 ng alas-12:50 ng madaling araw. Pitong buwan nang nagkakampo at nag-ooperasyon ang militar sa naturang barangay.

Sa Negros Oriental, kaagad na rumesponde at inatake ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ang tropa ng 62nd IB na walang patumanggang namaril sa isang sibilyan sa Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental noong Nobyembre 21, 2025. Ayon sa ulat, alas-10 ng umaga ay bigla na lamang pinagbabaril ng limang sundalo ng 62nd IB ang magsasakang si Rene Nellas sa Sityo Columbia habang nasa kanyang bukid. Ligtas na nakatakbo si Nellas.

Lingid sa kaalaman ng militar, mayroong yunit ng BHB-Central Negros malapit sa lugar. “Pagkarinig ng mga Pulang mandirigma sa putukan, kaagad silang nagmaniobra at hinaras ang limang tropa ng pasistang sundalo,” ayon kay Ka JB Regalado, tagpagsalita ng BHB-Central Negros.

Asembliya ng CNL-Compatriots, inilunsad

MATAGUMPAY NA NAILUNSAD noong Oktubre 2025 sa US ang pagtatatag ng Christians for National Liberation-Compatriots (CNL-Compatriots). Ang balangay ang pinaka-unang sub-sektor sa ilalim ng Compatriots na naglunsad ng pandaigdigang asembliya.

Nagtipon sa asembliya ang nasa 120 lider ng pananampalataya mula sa iba't ibang balangay at selula ng CNL-Compatriots, at mga tagamasid mula sa Compatriots-National Democratic Front, Kabataang Makabayan-Compatriots, Makibaka-Compatriots at iba pa. Naglunsad din ng kasabay na pagtitipon sa iba't ibang bansa ang mga balangay ng CNL-Compatriots.

Sa pagtitipon, tinalakay ang naganap na kongreso ng Compatriots nitong taon at ang naging pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng mga Pilipinong migrante. Nagbigay din ng pahayag ang lider ng CNL sa Pilipinas. Pinag-aralan at tinalakay dito ang mga dokumento ng organisasyon, kabilang ang oryentasyon, programa, tatlong-taong programa, at kampanya. Naglunsad din ng eleksyon at nagbuo ng komiteng tagapagpaganap at konseho sa antas balangay at pandaigdig.

Mga Pilipinong migrante, tagumpay sa laban sa seguridad sa trabaho

BUNGA NG KAMPANYA ng Migrante Manitoba at suporta ng komunidad, matagumpay na naipaglaban ng 17 Pilipinong mekaniko sa Winnipeg, Manitoba sa Canada ang kanilang karapatan sa seguridad sa trabaho. Tinanggal sila sa trabaho ng 4Tracks Ltd nang walang ligal na dahilan matapos lamang ng tatlong linggo sa kumpanya.

Narekrut ang mga Pilipinong mekaniko sa Pilipinas ng Venture Management bilang mekaniko ng trak. Pagdating sa Canada, pinagampan sila ng trabaho ng lampas sa napagkasunduan at sa hindi ligtas na kundisyon. Kabilang dito ang pagpapatrabaho sa kanila sa panahon ng taglamig nang walang sapat na proteksyon. Pinagamit sila ng mabibigat na kasangkapan, kabilang ang para sa paghihinang, nang walang tamang pagsasanay o kagamitan. Pinatira sila sa masisikip na kwarto, habang ang ilan ay napilitan na sa sahig humiga na tanging karton lang ang sapin. Dumanas din sila ng berbal na pang-aabuso at pananakot upang pigilan sila na lumaban.

Sa US, matagumpay na napigilan ng Tanggol Migrante Movement ang planong deportasyon kina Kuya G noong Disyembre 7, 2025 at Tita Rebecca noong Enero 2. Sila ay mga Pilipinong imigrante na idinetine ng Immigration and Customs Enforcement. Habang nakakulong ay nakaranas sila ng medikal na kapabayaan na nagdulot ng matinding karamdaman at kumplikasyon sa sakit. Ayon sa mga duktor, lubhang delikado sa kanilang kalusugan at maaaring mauwi sa kamatayan kung ipipilit silang ibiyahe.

Paglaban sa korap at pasistang 2026 badyet. Nagprotesta ang mga progresibong grupo sa Mendiola noong Enero 5 para batikusin ang korap at pasistang 2026 badyet na pinirmahan ni Ferdinand Marcos Jr noong araw na iyon. Nagrali rin sila noong Disyembre 29, 2025 sa Mababang Kapulungan ng Kongreso sa Quezon City nang niratsada ang ratipikasyon ng badyet. Batbat ang badyet ng *pork barrel*, *unprogrammed appropriations*, at *confidential funds* na mga pondo para sa kurakot at pasismo.

Kontra pribatisasyon sa Baguio City. Matapos ang ilang buwang pagtutol, napaatras ng mamamayan ang planong pribatisasyon at "mallification" ng pampublikong palengke sa Baguio City. Noong Enero 3, inianunsyo ng lokal na gubyerno na umatras ang SM Prime Holding Inc sa balak nitong kunin ang palengke. Sa Enero 9, nakatakdang pagbotohan ng konseho ng syudad ang pribatisasyon ng naturang palengke. Inaasahang muling magrarali ang mga grupo sa araw na iyon.

Pagtutol sa pagpapasara sa palengke sa Pasay City. Kinundena ng mahigit 200 maninda at higit 500 manggagawa, kargador, at traysikel drayber ang pagsasara sa Wowee Market sa Pasay City noong Disyembre 19, 2025. Ipinasara ito ng lokal na gubyerno dahil sa sinasabing mga paglabag at kakulangan ng mga permit. Daan-daang ang mawawalan ng kabuhayan, at mapagkakaitan ng mas murang bilihin ang mga nakaasa ditong residente.

Kontra-demolisyon sa komunidad sa Pasig City. Nanindigan ang mga residente ng Leona Compound sa Nagpayong, Barangay Pinagbuhatan, Pasig City noong Enero 5 laban sa pagpapalayas ng lokal na gubyerno. Planong tayuan ng ospital at paaralan ang naturang lugar. Tutol ang mga residente sa demolisyon lalo't walang nakatakdang paglilipatan nila.

Balik-Luneta ng alyansang kontra korapsyon. Muling nagtungo sa Luneta Park sa Maynila ang Kilusang Bayan Kontra Kurakot (KBKK) para alayan ng bulaklak at bigyan-pugay si Dr. Jose Rizal sa anibersaryo ng araw ng kanyang kamatayan noong Disyembre 30, 2025. Ang Luneta Park ay naging saksi sa protestang kontra korapsyon ng 100,000 katao noong Setyembre 21, 2025 at higit 20,000 katao noong Nobyembre 30, 2025 sa pangunguna ng KBKK at mga grupo sa ilalim nito.

Terorismong militar bago nagtapos ang 2025

Walang pakundangan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at ang Philippine National Police (PNP) sa paghahasik ng terorismo at pag-atake sa mga komunidad at mamamayan kahit sa panahon ng Pasko at Bagong Taon. Bago nagtapos ang 2025, naitala ang mga kaso ng pagpatay, pagdukot, pag-aresto at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Pagpatay. Malapitang binaril ng mga tauhan ng AFP ang babaeng lider-magsasaka na si Warlita Jimenez, 55, sa Sityo Makilo, Barangay Camansi, Kabankalan City sa Negros Occidental noong Disyembre 23, 2025. Ang biktima ay asawa ng lider-magsasakang si Joseph Jimenez na pinatay ng 15th IB noong Nobyembre 30, 2022.

Pagdukot. Dinukot ng mga pwersa ng estado ang tauhan ng National Democratic Front-Cagayan Valley (NDF-CV) na si Scarlet Lyne Gayo. Huling nakita si Gayo sa Cavite noong Disyembre 9, 2025 at hindi pa rin makontak hanggang sa kasalukuyan. Nag-aalala ang NDF-CV sa kaligtasan at buhay ni Gayo.

Pag-aresto. Sa Occidental Mindoro, inaresto ng pinagsamang pwersa ng mga pulis at 76th IB si Ramon "Monet" Alcantara sa Barangay San Vicente, Abra de Ilog noong Disyembre 23, 2025. Pinararatangan siyang sangkot sa isang engkwentro ng 76th IB at BHB. Si Alcantara ay aktibong tumututol sa pagmimina sa Mindoro at nagsusulong ng karapatan ng mga katutubong Mangyan para sa kanilang lupang ninuno. Tumakbo siya sa pagka-meyor ng Abra de Ilog noong eleksyong 2022.

Sa Baguio City, inaresto ng mga pulis ang tagapagsalita ng Kilusang Mayo Uno-Cordillera na si Mike Cabangon noong Disyembre 27, 2025. Kumakaharap siya sa kasong "terorrism financing." Nakalaya siya matapos magpyansa.

Sa Maynila, muling inaresto ng mga pulis noong Disyembre 18, 2025 si Ryan Ombrog sa kasong panununog. Si Ombrog ay kabilang sa mahigit 270 inaresto matapos ang protestang kontra korapsyon noong Setyembre 21, 2025.

Pamamaril. Sa Leyte, nagreklamo noong Disyembre 2025 ang mga residente ng Barangay Villa Corazon, Burauen sa paulit-ulit na walang patumanggang pamamaril ng CAFGU (Citizen Armed Force Geographical Unit) sa komunidad. Ilang beses na umanong bigla-biglang nagpaputok ang mga ito sa kanilang kampo sa kalagitnaan ng gabi o madaling araw. Ikinababahala rin ang mga residente ang paglalasing ng mga tauhan ng CAFGU sa mismong kampo militar.

Panggigipit. Ilang araw bago ang pagdiriwang sa Pasko, dinumog at naglunsad ng walang tigil na atake ang 62nd IB sa mga komunidad sa Guihulngan City at Moises Padilla sa isla ng Negros. Sa loob ng 10 araw mula Disyembre 13, 2025 ay nagsagawa ang mga elemento nito ng iligal na pagpasok at paghahalughog sa mga bahay, pananakot at pambabanta, at pagpatay sa isang kalabaw. AB

Pagbisita sa mga bilanggong pulitikal noong Disyembre

MALAWAKANG INILUNSAD NG mga progresibong grupo ang kampanya ng pagbisita at pangangalap ng suporta para sa mga bilanggong pulitikal ng Pilipinas noong Disyembre 2025. Kumilos at nakibahagi sa kampanya ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, kaanak ng mga bilanggong pulitikal, taong-simbahan, mga abugado, kabataan, kababaihan, manggagawa at mga grupong internasyunal.

Naiulat ang pagbisita sa mga bilangguan sa Northern Luzon, Aurora, Nueva Ecija, Bulacan, Laguna, Metro Manila, Iloilo, Tacloban City, Butuan City, North Cotabato, at Davao City. Dinalhan ang mga bilanggong pulitikal ng mga pagkain, gamit pangkalinisan, gamot at mga sulat na nagpapahayag ng suporta sa kanilang pakikibaka para lumaya.

Mayroong halos 700 bilanggong pulitikal sa Pilipinas kung saan higit 160 ang inaresto sa panahon ng rehimeng Marcos. Kabilang dito ang hindi bababa sa 136 bilanggong babae, 93 matatanda at 89 na maysakit.

Hatol sa Talaingod 13, kriminalisasyon ng pagtatanggol sa mga karapatan ng Lumad

"DI MAKATARUNGAN AT di katanggap-tanggap" ang kumpirmasyon ng Court of Appeals (CA) sa hatol ng korte laban sa Talaingod 13, ayon sa mga grupong tagapagtanggol ng mga karapatan ng mga minorya, mga karapatang-tao, abugado at iba pa. Ang Talaingod 13 at hinatulan ng korte sa kasong "child abuse" noong Hulyo 15, 2024. Kinumpirma ang hatol na ito ng CA sa Cagayan de Oro noong Disyembre 16. Noong Enero 6, nagsampa ng motion for reconsideration sa CA ang Talaingod 13 para hamunin ang kumpirmasyong ito.

Ang Talaingod 13 ay mga myembro ng delegasyong sumaklolo sa mga guro at estudyanteng Lumad sa Talaingod, Davao del Norte noong Nobyembre 28, 2018. Binubuo ito nina dating Bayan Muna Rep. Satur Ocampo, ACT Teachers Rep. France Castro, Ma. Eugenia Victoria Nolasco at siyam pang dating mga guro.

Ayon sa mga katutubo, ang hindi makatarungang desisyon laban sa Talaingod 13 ay direktang atake mismo sa kanila. Ito ay bahagi ng mas malawak na estratehiya ng estado para patahimikin ang mga sumusuporta sa laban ng mga katutubo.

"Walang bata at walang magulang na nagreklamo. Walang pinsala na napatunayan, pero hinatulan ang mga guro," ayon kay dating Rep. Eufemia Cullamat.

Paghahanda sa gera ng Japan, panibagong antas ng militarismo

Noong Disyembre 26, 2025, inaprubahan ng gubyerno ng Japan, sa pangunguna ni Prime Minister Sanae Takaichi, ang paglaan ng 9 trilyon yen o US$58 bilyon para sa badyet sa depensa ng bansa sa 2026. Katumbas ito ng 2% ng kabuuang produksyon ng bansa. Dahil dito, lumukso ang Japan sa ikatlong pwesto sa mga bansa na may pinakamalaking badyet para sa depensa sa mundo, kasunod ng US at China.

Ang pagtaas ng badyet sa militar ay nakabatay sa National Security Strategy (NSS) na binuo ng Japan noong 2022. Sa udyok ng US, pinalaki ng Japan ang badyet nito sa depensa. Sa 2027 pa dapat aabutin ang 2% na pagtaas ng badyet para sa depensa. Ngunit dahil sa malakas na tulak ng US, maaga itong ginawa ng gubyernong Takaichi.

Bilang imperyalistang bansa, matagal nang pinapangarap ng naghaharing uri sa Japan na maibalik ang “dating kaluwalhatian.” Sa pagtaas nito ng paggastos para sa militar, umaasa din ang gubyerno ng Japan na mababuhay nito ang kanyang ekonomya, na tatlong dekada nang nasa istagnasyon. Bilang imperyalistang kapangyarihan, kailangan nitong palawakin ang kanyang pagkukuhaan ng hilaw na materyales, maiimpluwensyahan at malalagakan ng sobrang kapital.

Noong 2023 binuo ng Japan ang sariling plano na Free and Open Indo-Pacific para bigyang hugis ang pagpapalakas ng sariling presensyang militar at pagpapalawak ng impluwensya sa Asia. Pinirmahan nito kasama si Marcos ang tagibang na kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at Japan na Reciprocal Access Agreement (RAA). Inendorso at sinuportahan ito ng Senado, kabilang ang maka-US na senador na si Risa Hontiveros ng Akbayan.

Pagpapatibay ng lakas pandigma ng Japan

Bahagi ng NSS ang pagbili at pagpapaunlad ng mga sistemang misayl para sa pagpapatibay ng depensa ng bansa. Sa tulak din ng US, binili ng Japan ang isang "pakete" ng mga misayl na nagkakahalaga ng $3.64 bilyon noong Enero 2025. Noong Nobyembre 2025 muling bumili ang Japan ng armas sa US, kabilang ang mga bomba at bala para sa eroplanong pandigma ng Japan Air Self-Defence Force sa halagang US$82 milyon.

Dahil sa tumatanda at lumiliit na populasyon, at kahirapan sa pagmantini ng malaking bilang ng tropa, itinuon ng gubyerno ng Japan ang pansin sa pagbubuo ng "unmanned weapons system" o armas na hindi kailangan ng tao. Para palakasin ang depensa sa tabing dagat, planong magbuo ng malaking bilang ng *drones* na panghimpapawid, at para sa ilalim at ibabaw ng karagatan para sa surbeylans at depensa. Ang sistema ay tinawag na SHIELD (Synchronized, Hybrid, Integrated and Enhanced Littoral Defence). Dagdag dito ang mas malalaking *drone* bilang panangga sa himpapawid o *airspace*, “standoff” *missile* at mga *surface to ship missiles*. Kaya ng mga misayl na ito na tumama hanggang sa layo na 1,000 kilometro.

Layon din ng gubyerno ng Japan na buhayin ang industriya sa depensa sa pamamagitan ng pinagsanib na mga proyekto at pagbebenta ng armas sa ibang bansa. Ngayong 2026, plano nito na maglaan 160 bilyon yen (US$1 bilyon) para magpaunlad ng "6th generation fighter jet" katuwang ang Britain at Italy sa ilalim ng Global Combat Air Programme. Kasama din sa mga proyekto ang mga *drone* na kontrolado ng *artificial intelligence* para lumipad kasabay ng mga *jet*.

Plano ng gubyerno ng Japan na palitawin ang pondo para sa depensa mula sa pagtaas ng buwis ng mga korporasyon at sa tabako, at pagtaas ng buwis sa sahod ng mga empleyado sa 2027.

Paglaban ng mamamayan sa Japan

Sa nagdaang mga buwan, naglunsad ng mga pagkilos ang mamamayang Japanese laban sa umiigting na militarismo ng kanilang gubyerno. Lumahok sa mga pagkilos na ito ang mga Pilipinong migrante sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at Migrante.

Nanawagan ang mga grupo sa lahat ng manggagawang Japanese, nagmamahal sa kapayapaan, at lahat ng migrante at imigrante sa Japan na magkaisa at labanan ang militaristang tunguhin ng gubyernong Japan. Anila, hindi dapat hayaan ang mga naghaharing uri na gamitin ang “nasyunalismo” para paghiwa-hiwalayin ang mamamayan. AB